



ANG KAPANGANAKAN NG PROPETA, ISANG MABUTING EHEMPLO

Tunay na pinarangalan ng Allah ang kapanganakan ng Propeta(SAWS) sa maraming mga bersikulo sa qur'an. Ang Propeta(SAWS) ay ipinanganak mula sa pinaka-marangal na tribo ng mga arabo. Ang Propeta(SAWS) ay nagwika: "Pinili ng Allah ang tribong kinana mula sa mga anak ni Ismael, at pinili ang Quraish mula sa Kinana, at pinili ang Banu Hashim mula sa Quraish at pinili ako mula sa Banu Hashim". Muslim:2276

ANG KAPANGANAKAN NG PROPETA, ISANG MABUTING EHEMPLO

Bago ang pagdating ng Propeta(SAWS) ay namuhay ang sangkatauhan sa mahirap na panahon, nangaligaw mula sa tamang landas at gabay patungo sa panginoon. Na kung saan ang tao'y sumasamba sa mga rebulto at diyus-diyosan, nagpapatirapa sa mga bato na walang kakayahang makaringig, walang maidudulot na pinsala o pakinabang, ni kamatayan o buhay. Kasama nito'y ang pagputol ng relasyon sa pamilya at kamag-anak, di mabuting pakikitungo sa kapit-bahay, pag-kitil sa buhay ng mga anak, pagkuha ng mga karapatan, kawalan ng utang na loob, at pang-aagrabyado ng malakas sa mahina.

Habang dumaranas ng ganito mula sa kadiliman, nag-hahanap naman ang tao ng pag-asa para sa kapayapaan, sumusulyap para sa gabay at patnubay. Dumating ang kapanganakan ng Propeta Muhammad(SAWS) bilang awa at liwanag sa sanlibutan. Ang Allah ay nag-wika:



(Hindi ka namin pinadala maliban na lamang na ika'y awa sa sanlibutan) –Al anbiya:107

Tulad ng nasabi ng Propeta(SAWS):

“o sangkatauhan, tunay na ako'y naibigay na awa” Ad darimi:15

Ito ay tunay na pabor mula sa Allah para sa kanyang mga alipin, ang Allah ay nag-wika:

(Walang pag-aalinlangan ginawaran ng Allah ang mga mananampalataya, noong ipinadala sa kanila ang Sugo na mula sa kanila, na bumibigkas sa kanila ng mga talata ng Banal na Qur'ân, at nililinis sila at itinuturo sa kanila ang Banal na Qur'ân at Sunnah; samantalang bago pa man yaon ay sila'y nasa pagkaligaw.) – Ali Imran:164

Nang sa gayo'y maibigay ng Allah ang kasiyahan, labasan mula sa kadiliman patungong liwanag, mula sa kamang-mangan patungo sa kaalaman, mula sa pang-aapi,kasamaan,pagtatalu-talo patungo at takot, patungo sa katarungan, kapayapaan, at katiwasayan, at ito'y para sa ikabubuti ng lahat. Ang kapanganakan ng Propeta(SAWS) ay palatandaan ng pagtatapos ng kamalian at kasamaan, at umpisa ng kabutihan at katotohanan. Ito ay umpisa ng pagbabago ng kasaysayan.

Ang kapanganakan at pagpapadala ng Propeta(SAWS) ay sagot sa panalangin ng Propeta Ibraheem(AS), ang Allah ay nag-wika bilang kwento sa panalangin ni Ibraheem(AS) habang itinatayo niya ang ka'ba sa makka:

(O aming 'Rabb' na Tagapaglikha! Padalhan Mo ang sambayanang ito ng Sugo mula sa angkan ni Ismâ`il na bibigkas sa kanila ng Iyong mga talata, at tuturuan



sila ng Qur'ân at 'Sunnah,' at linisin (Mo) sila, sapagka't Ikaw ay ang Kataas-Taasan at ang Walang-Hanggan at Ganap na Maalam) -Al Baqara:129

Ito ang magandang balita ng Propeta Hesus(AS) na kung saan ang Allah ay nagwika:

(at nagbibigay ng magandang balita at tumitestigo sa Sugo na darating pagkatapos ko na ang kanyang pangalan ay Ahmad, na siya si Muhammad,) – As Saf:6

Naiulat ni Abu Umama(RA) na kanyang sinasabi sa Propeta(SAWS) anong unang bagay patungkol sa'yo? Ang Propeta(SAWS) ay nag-wika: “Ang panalangin ng Ama na si Ibraheem, ang magandang balita ni Hesus at ang nakita ng aking ina na liwanag sa mga palasyo ng Sham” –Ahmad:22921

Tunay na pinarangalan ng Allah ang kapanganakan ng Propeta(SAWS) sa maraming mga bersikulo sa qur'an. Ang Propeta(SAWS) ay ipinanganak mula sa pinaka-marangal na tribo ng mga arabo. Ang Propeta(SAWS) ay nagwika: “Pinili ng Allah ang tribong kinana mula sa mga anak ni Ismael, at pinili ang Quraish mula sa Kinana, at pinili ang Banu Hashim mula sa Quraish at pinili ako mula sa Banu Hashim”. Muslim:2276

Ginawa rin ng Allah na mabiyaya ang kanyang kinalakihan, ang pagiging matuwid ng kanyang kabataan at pag-iisip. Ganun din ang kanyang kagandahang loob at pag-uugali, pagiging totoo sa kanyang salita at pagiging mapagkakatiwalaan. At ginawa siyang responsable sa misyon at propesiya para sa lahat ng linikha sa pamamagitan ng mga rebelasyon sa Qur'an. Isinatupad ng Propeta(SAWS) ang kanyang responsibilidad na kung saan kanyang hinarap at tinanggap ang mga paghihirap para sa Allah, na kung saan sya'y pursigido na maipaabot ang kabutihan sa lahat.



Ito’y napakahalagang mabigyan ng pagpapahalaga mula sa atin, sa ating mga anak, pamilya at lipunan sa ating buong buhay; ito’y sa pamamagitan ng pagaaral ng kanyang buhay, mabuting paguugali at pagpaparami ng panalangin para sa kanya.

Ang kumpletong pagsunod sa Propeta(SAWS) ay panatandaan ng totoong pagmamahal sa kanya, na kung saan ito’y para sa ikalulugod ng Allah at para makasama ang Propeta(SAWS) sa Paraiso.

Si Anas Ibn Malik(RA) ay nagwika: isang lalaki ang dumating sa Propeta(SAWS) at nagsasabi na: O mensahero ng Allah, kailan ang araw ng pag-huhukom? Ang Propeta(SAWS) ay nagsabi: Anong napaghandaan mo para dito? Ang lalaki ay nagsabi: Ang pagmamahal sa Allah at sa Mensahero. Ang Propeta(SAWS) ay nagsabi: “ikaw ay kasama ng iyong minamahal”. Si Anas ay nagsabi: Hindi kami kailanman nakaramdam ng pagkalugod –pagktapos ng islam- hanggang sa maringig namin ang sinabi ng Propeta(SAWS) na : “ikaw ay kasama ng iyong minamahal” –Muslim:2639